

Hinggil sa huwad na teroristang paglilitis ni Duterte laban sa PKP at BHB

Komite Sentral,
Partido Komunista ng Pilipinas

Itinatakwil ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) ang huwad na paglilitis sa terorismo (“terror trial”) na inihahandang ilunsad ng pasistang rehimen ng US-Duterte laban sa PKP at sa Bagong Hukbong Bayan (BHB).

Gustong simulan ni Duterte ang malaking palabas na ito sa desperasyong bigyan ng kredibilidad at pagkalehitimo ang inirargasa niyang karahasan at pagpatay. Maskara lamang ang prosesong ligal at pagkakaroon diumano ng mga akusadong kaugnay ng PKP ng karapatang “magtanggol sa sarili” sa korte, dahil katunayan, walang lubay ang brutal na kampanya ng terorismo ng estado laban sa lahat ng rebolusyonaryo, progresibo at iba pang pwersang tumututol sa kanyang pasistang rehimen.

Magiging pag-uulit rin ito sa nagdaang mga anti-komunistang panliligalig sa paglilitis nito ng mahigit 600 pangalan ng inaakusahang lider o myembro ng PKP at BHB. Mistulang *hitlist* ito ng itinuturing ni Duterte na kaaway kabilang ang mga aktibista, personalidad sa pulitika, tagapagtanggol sa karapatang-tao, mga lider at matatanda ng mga grupong minorya, mga negosyador at konsultant pang-kapayapaan ng NDFP at iba pang progresibo. Ang listaha’y suportado daw ng “military intelli-

gence,” na hindi naman pala matatino gayong kabilang dito ang ilang pinatay o dinukot na ng AFP, ilang nag-ulit-ulit na pangalan at mga John at Jane Doe para sa ibang gusto nilang idawit sa kaso.


Tinutuligsa ng Partido ang rehimen ng Duterte sa pagwawasiwas nito ng terror tag laban sa PKP at BHB at paggamit sa pananakot bilang sandata ng tiraniya. Layunin niyang sindakin at patahimikin ang sambayanang Pilipino at paluhurin ang lahat sa kanyang ambisyosong

pakanang diktadura para monopolisahan ang kapangyarihan at palawigin ang sarili at pamilya sa Malacañang. Ginagamit niya ang Human Security Act (ang tinaguriang Anti-Terror Law) para taguriang terorismo ang rebelyon at paglabang naka-ugat sa mga usaping panlipunan, bigyang matwid ang pagsiil sa mga karapatang-sibil at ipatanggap ang kawalang-habas ng mga pwersa ng estado.

Sa paghahari ng takot at tiranya, kung saan pinipilit ang braso maging ng Korte Suprema para yumuko sa kanyang utos, at lahat ng inaakusahang myembro ng PKP ay binabantaang patayin, walang pag-asang maging patas ang *terror trial*. Alam na natin ang kalalabasan nito.

Matatag na idinedeklara ng Partido na ang pinamumunuan ni Duterte na rehimen ng tahasang terorismo, pagpatay at brutalidad ay walang karapatang moral o pulitikal na paratanganan ang Partido at BHB ng terorismo. Alinsunod sa prinsipyo, hindi ipahihntulot ng PKP at BHB na mapailalim sa huwad na terror trial ng rehimen ng US-Duterte. Napakalaking buhong nitong Teroristang Duterte na taguriang terorista ang PKP at BHB!

Gayunman, puspusang hahamunin, ilalantad at lalabanan ng



PKP at BHB sa larangang pampubliko at pampulitika ang huwad na terror trial na ito. Mahina ang pagkakagawa ng 55-pahinang petisyon ni Duterte na isinumite ng kanyang Department of Justice na pawang pinagtagpi-tagping impormasyong kuha sa internet at “military intelligence” na tila sinulat ng isang batang upisyal ng AFP bagaman pir-mado ng nakatataas na tagapaglitis ng guberno. Dapat tahasan na itong ibasura. Hinihikayat ng Partido ang lahat ng taong demokratiko at patas mag-isip sa akademya at mga sirkulong legal na masusi at kritikal na repasuhin ang petisyong ito.

Naninindigan ang PKP na ang petisyong ito’y wala kahit gaalika-bok na patunay na ang mga rebolusyonaryong gawa ng BHB ay mga gawaing terorista. Napakalawak na dagat ang pagkakaiba ng pagsusulong ng bayan ng armadong rebolusyon at pagpapakawala ng teroristang karahasan laban sa bayan.

Bilang mga rebolusyonaryo na may makatarungan, demokratiko at patriyotikong layunin at nakasandig sa suporta ng masa, tinututulan ng PKP at BHB ang lahat ng anyo ng terorismo. Ginagabayan ang BHB ng mahigpit na alituntunin sa disiplina na kinabibilangan ng pagpapaalala sa mga Pulang mandirigma na huwag kumuha kahit hibla ng sinulid o

karayum mula sa masa, magsalita ng magalang, huwag manira ng pananim, huwag sasaktan ang mga bihag at huwag magsamantala sa kababaihan. Pawang tuwirang kabaligtaran ng mga ito ang mga utos ni Duterte: “patagin ang mga bundok,” “bombahin ang mga eskwelahan ng Lumad,” “barilin ang mga ari ng mga babae,” “pugutan ang mga NPA at kunin ang premyong ₱25,000” atbp. Sumusunod ang BHB sa mga prubisyon ng Comprehensive Agreement on Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL), at sa pamamagitan ng NDFP, ay nagdeklara ng pagsunod sa mga protokol sa gera ng Geneva.

Kung mayroon mang nagdudulot ng “malawakang takot at kaguluhan ng tao,” ito’y walang iba kundi ang terorismo ng pasistang rehimeng US-Duterte. Dahil sa paghahari nito ng teror at tiraniya, mahigit kalahating milyon na ang napalayas sa kanilang mga tahanan upang bigyang daan ang mga reserbasyong militar, mga plantasyon at operasyon sa pagmimina.

Ang brutal na “gera sa droga” ay nagresulta sa pagpatay ng mga pulis at mga vigilante na kunektado sa estado sa mahigit 13,000, karamiha’y simpleng gumamit ng droga. Nagresulta naman ang “todong gera” at martial law sa Mindanao sa pagpatay sa mahigit 150 aktibista, pagbobomba at panganganyon sa mga komunidad sa kanayunan, pagsakop ng mga sundalo sa mga sibilyang komunidad sa ngalan ng “kapayapaan” kung saan inoobliga ang mga tao na araw-araw na ilagay ang pangalan sa logbook ng militar, pagpapapirma sa libu-libo sa mga blang

kong papel at pagpwera sa kanila na humarap bilang nagsurender sa bantang aarestuhin, daan-daan ang inaresto at idinetine bilang bilang-gong pulitikal, pagsikil sa karapatang sibil, paghihigpit sa karapatang bumyahe at komersyo, at pagpataw ng blokeyo sa pagkain at tulong.

Pahaba nang pahaba ang listahan ng kaso ng brutalidad ng mga pasistang alagad ni Duterte kabilang ang pagtortur at pagsilab sa dalawang aktibista noong Disyembre 6, 2017 ng mga tauhan ng 71st IB sa Maco, Compostela Valley; ang masaker sa walong Lumad na taumbaryo sa Lake Sebu, South Cotabato noong Disyembre 3, 2017 ng mga tauhan ng 33rd at 27th IB; ang pagpatay noong Marso 2 kay Ricardo Mayumi, lider ng Ifugao Peasant Movement (IPM) sa Tinoc, Ifugao; ang pagpatay sa 19-taong gulang estudyanteng Lumad na si Obillo Bay-ao ng elemento ng CAFGU noong Setyembre 5, 2017 sa Talaingod, Davao del Norte; ang pagbaril sa isang buntis ng mga elemento ng 8th IB sa Bukidnon noong Hulyo 2016; ang reyde at panganganyon ng 20th IB sa klinik ng BHB sa Catubig, Northern Samar; at iba pa.

Batay sa madugong kriminal na rekord ni Duterte at ng AFP, malinaw na malinaw sa sambayanang Pilipino kung sino ang tunay na terorista. Ang pakana ni Duterte ay pagtakpan ang kanilang terorismo sa pamamagitan ng pagbato ng terror tag laban sa mga rebolusyonaryo at iba pang mga lumalaban.

Subalit hindi magtatagumpay ang mga iskemang ito dahil hindi habambanahong masisindak at mapatatahimik ang sambayanang Pilipino. Sa malao’y magbabangon sila upang wakasan ang brutal na gera, tiraniya, pangangayupapa at pang-aapi ng rehimeng Duterte. AB



Espesyal na Isyu | Marso 11, 2018

 [instagram.com/prwc.official](https://www.instagram.com/prwc.official)

 [@prwc_info](https://twitter.com/prwc_info)

 [fb.com/groups/cppinformationbureau](https://www.facebook.com/groups/cppinformationbureau)

 cppinformationbureau@gmail.com

Ang *Ang Bayan* ay inilalathala dalawang beses sa isang buwan ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas

